### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Sancti** N. Pontíficis (Confessoris) tui atque Doctóris nobis, Dómine, pia non desit orátio : quæ et múnera nostra concíliet; et tuam nobis indulgéntiam semper obtíneat. Per Dóminum.

**Panginoon,** alalayan nawa kami ni San N. na iyong Obispo (iyong Kumpesor) at Pantas, at pakundangan sa kaniyang panalangin, malugod Mo nawang tanggapin itong aming pag-aalay at ipagkamit nawa namin ang Iyong awa't pagpapatawad. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

### Antipona sa Komunyon • *Lc 12:42*

**Fidelis** servus et prudens, quem constítuit dóminus super famíliam suam : ut det illis in témpore trítici mensúram. (T.P. Alleluia.)

**Ang matapat** at maagap na lingkod, na siyang inihalal bilang panginoon ng Iyong angkan, at siya'y makatatanggap ng ibayong gantimpala sa tamang panahon. (P.P. Aleluya, aleluya)

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Ut** nobis, Dómine, tua sacrifícia dent salútem: beátus N. Póntifex (Confessoris) tuus et Doctor egrégius, quaésumus, præcátor accédat. Per Dóminum.

**Panginoon,** nawa'y makapagpalapit sa amin sa kaligtasan itong aming paghahain, pakundangan kay San N. na iyong Obispo (iyong Kumpesor) at Pantas. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

*Isa pang mapipiling Pagbasa para sa Misa na ito:*

### Pagbasa • *Sir 39:6-14*

Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan.

**Ang matuwid** na tao'y ibibigay ang buong puso hangga't maaga sa Poon na lumalang sa kaniya, at mananalangin sa harapan ng Kataas-taasan. Mamumutawi sa kanyang mga labi ang pagdarasal at pananalangin sa kaniyang kasalanan. Kung loloobin ng Poon, mapupuspos ang taong ito ng kanyang pagkaunawa. Isusugo ng Poon ang kaniyang karunungan na parang ambon ng ulan at magpupuri sa Panginoon. Ipapahayag niya ang karunungang kanyang nakamtan, at ipagkakapuri niya ang mga Kautusan at tipan ng Panginoon. Pupurihin ng mga tao ang kanyang katalinuhan at hindi na ito makakalimutan kailanman. Mananatili siyang buháy sa alaala ng mga tao, at ang pangalan niya'y laging sasambitin ng mga susunod pang salinlahi. Mababantog siya sa mga bansa, at lagi siyang papupurihan ng sambayanan, ang Simbahan.— *R.* **Salamat sa Dios.**

<u>ANG PANGKAT NG MGA BANAL</u>

# PARA SA MGA BANAL NA PANTAS NG SANTA IGLESIA

*Misa "In Medio Ecclesiae"*
*Puti*

### Pambungad na Antipona • *Sir 15:5*

**In medio** Ecclésiæ apéruit os ejus : et implévit eum Dóminus spíritu sapiéntiæ et intelléctus : stolam glóriæ índuit eum (T.P. Alleluia, alleluia) — *Ps 91:2* Bonum est confitéri Dómino : et psállere nómini tuo, Altíssime. *V.* Gloria Patri. In medio.

**Sa gitna** ng pagpupulong sa Simbahan, bibig niya'y binuksan, at pinuspos Siya ng Poon nitong diwa ng karunungan at katalinuhan: binihisan Niya siya ng marangal na damit. (P.P. Aleluya, aleluya) — *Salmo 91:2* Mabuti ang magpasalamat sa Poong Mahal: kaya't umaawit kami sa Iyong Ngalan, O Kataas-taasang Dios. *V.* Luwalhati sa Ama. — Sa gitna...

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Deus,** qui pópulo tuo ætérnæ salútis beátum N. minístrum tribuísti : praésta, quaésumus; ut, quem Doctórem vitæ habúimus in terris, intercessórem habére mereámur in cælis. Per Dominum.

**O Dios,** ipinagkaloob Mo sa iyong sambayanan si San N. bilang gabay sa landas ng kaligtasan, loobin Mo po, yamang kami'y tinuruan niya ng makalangit na aral dito sa lupang ibabaw ay ipamagitan niya nawa po kaming lagi sa Langit. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

### Sulat • *2 Tim 4:1-8*

Pagbasa mula Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo.

**Pinakamamahal:** Sa harap ng Dios at ni Cristo Jesus na hahatol sa mga buháy at sa mga patay, alang-alang sa kanyang pagdating bilang hari, inaatasan kita: ipangaral mo ang salita ng Dios; pagsikapan mong gawin iyan napapanahon man o hindi. Himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo. Sapagkat darating ang panahong hindi na sila makikinig sa wastong katuruan; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Maghahanap sila ng mga tagapagturo na walang ituturo kundi ang ibig lamang nilang marinig.

Hindi na sila makikinig sa katotohanan, sa halip ay ibabaling ang kanilang pansin sa mga kathang-isip. Ngunit ikaw, maging mahinahon ka sa lahat ng oras, magtiis ka sa panahon ng kahirapan. Gampanan mo ang tungkulin ng isang mangangaral ng Magandang Balita at tuparin mo nang lubos ang iyong paglilingkod. * Sapagkat dumating na ang panahon ng pagpanaw ko sa buhay na ito. Ako'y mistulang isang handog na ibinubuhos sa dambana. Pinagbuti ko ang aking pakikipaglaban, natapos ko na ang dapat kong takbuhin, at nanatili akong tapat sa pananampalataya. Kaya naghihintay sa akin ang koronang gantimpala para sa mga namuhay ayon sa kalooban ng Dios. Sa Araw na iyon, ang Panginoon na siyang makatarungang Hukom, ang siyang magpuputong sa akin ng korona; hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa kanyang pagbabalik. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 36:30-31; Sir 45:9*

| | |
|---|---|
| **OS** iusti meditábitur sapiéntiam, et lingua ejus loquétur judícium. *V.* Lex Dei ejus in corde ipsíus : et non supplantabúntur gressus ejus. | **LABI** ng matuwid na tao'y namumutawi'y karunungan, at dila niya'y nangungusap ng katuwiran. *V.* Ang mga utos ng Dios ay laging nasa kaniyang puso, at hindi Niya hahayaang matisod ang kaniyang mga paa. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Amávit eum Dóminus, et ornávit eum : stolam glóriæ índuit eum. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Iniibig siya ng Dios at pinalamutian siya: binihisan siya ng isang marangal na damit. **Aleluya.** |

*Makalipas ang* Septuagesima *at buong panahon ng* Kwaresma*, ang* Aleluya *ay papalitan ng sumusunod:*

### TRACTO • *Ps 111:1-3*

| | |
|---|---|
| **BEATUS** vir, qui timet Dominum: in mandatis eius cupit nimis. *V.* Potens in terra erit semen eius: generatio rectorum benedicetur. *V.* Gloria et divitiae in domo eius: et iustitia eius manet in saeculum saeculi. | **MAPALAD** ang taong may takot sa Panginoon, at sumusunod sa Kaniyang mga utos. *V.* Makapangyarihan ang kaniyang magiging binhi dito sa lupa, at ang lahi ng matuwid ay pagpapalain. *V.* Kasagaanaan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at kaniyang kabutiha'y nananatili magpakailan man. |

*Sa buong panahon ng* Pascua (Muling Pagkabuhay) *ang* Aleluya *at* Dakilang Aleluya *ay papalit sa* Gradual (Paningit na Awit)*:*

### DAKILANG ALELUYA • *Sir 45:9; Hos 14:6*

| | |
|---|---|
| **Alleluia, alleluia.** *V.* Amávit eum Dóminus, et ornávit eum : stolam glóriæ índuit eum. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya.** *V.* Iniibig siya ng Dios at pinalamutian siya: binihisan siya ng isang marangal na damit. **Aleluya.** |
| **Alleluia** *V.* Justus germinábit sicut lílium : et florébit in ætérnum ante Dóminum. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya.** *V.* Ang matuwid na tao'y lalago na parang liryo, at yayabong kailanman sa harap ng Poong Mahal. **Aleluya.** |

### EBANGHELYO • *Mt 5:13-19*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: "Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao. Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit. Huwag ninyong akalaing naparito ako upang ipawalang-bisa ang Kautusan at ang mga Propeta. Naparito ako hindi upang ipawalang-bisa ang mga iyon kundi upang tuparin. Tandaan ninyo: maglalaho ang langit at ang lupa, ngunit ni isang tuldok o kudlit man ng Kautusan ay di mawawalan ng bisa hangga't hindi natutupad ang lahat. Kaya't sinumang magpawalang-bisa sa kaliit-liitang bahagi nito, at magturo nang gayon sa mga tao, ay magiging pinakamababa sa kaharian ng langit. Ngunit ang sumusunod sa Kautusan at nagtuturo sa mga tao na tuparin iyon ay magiging dakila sa kaharian ng langit." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 91:13*

| | |
|---|---|
| **JUSTUS** ut palma florébit : sicut cedrus, quæ in Líbano est, multiplicábitur (T.P. Alleluia.) | **ANG MATUWID** na tao'y lalago na parang liryo, at yayabong kailanman sa harap ng Poong Mahal. (P.P. Aleluya, aleluya) |